Abiso sa Pasyente ng Programang Tulong Pampinansyal at Mga Plano sa Pagbabayad ng Diskwento

Kung wala kang insurance pangkalusugan at nag-aalala na hindi ka makapagbabayad ng buo para sa iyong pangangalaga, maaari ka naming tulungan.

Inaanyayahan ka naming makipag-ugnayan sa isa sa aming mga tagapayo sa pananalapi upang malaman kung kwalepikado ba ang iyong pamilya para sa aming programang tulong pampinansyal o mga plano sa pagbabayad ng diskwento. Ang pagiging kwalipikado para sa parehong mga pagpipilian ay natutukoy batay sa iyong kita at mga pangangailangan sa pamilya. Ang ilang may mga insurance na indibidwal na may mataas na gastos sa medikal ay maaari ding maging kwalepikado.

Ang aming Misyon

Upang maibalik, mapanatili at mapahusay ang potensyal sa kalusugan at progreso ng mga bata sa pamamagitan ng kahusayan sa pangangalaga, edukasyon, pananaliksik at adbokasiya.

Nandito Kami Upang Tumulong!

Ipinagmamalaki naming ang aming misyon na magbigay ng kalidad na pangangalaga sa lahat ng mga batang nangangailangan. Makipag-usap sa isa sa aming mabait na tagapayo sa pananalapi ngayon upang malaman kung natutugunan ng iyong pamilya ang mga kinakailangan sa pagiging kwalepikado sa kita upang lumahok sa programang tulong pampinansyal o isa sa aming mga plano sa pagbabayad ng diskwento.

Facebook: /radychildrens

Instagram at Twitter: @radychildrens

Vimeo: /rchsd

Rady Children's®

Ipadala ang mga nakumpletong aplikasyon sa:

3020 Children's Way, MC 5055, San Diego, CA 92123-4282

858.966.4005 | Bisitahin kami sa online sa

http://www.rchsd.org/patients-visitors/financial-assistance.

7/21

Programang Tulong Pampinansiyal at Mga Plano sa Pagbabayad ng Diskwento

ang **pagbabago**

ay nabibilang sa bawat sandali

Rady Children's®

ang pagbabago
ay nabibilang sa bawat sandali



Programang Tulong Pampinansiyal

Ang Rady Children's Hospital-San Diego ay nagbibigay ng pinakamataas na kalidad ng pangangalaga sa mga pasyente na aming pinagsisilbihan. Upang payagan ang access sa aming mga serbisyo sa bata, ang espesyal na konsiderasyon ay ibinibigay sa mga pamilya ng pasyente na higit na mahina, kasama ang mga hindi makapagbayad at ang mga may limitadong paraan na nagpapahirap na magbayad sa mga bayarin sa medisina.

Sinusuportahan ng programang tulong pampinansyal ng Rady Children’s ang mga pasyente na mababa ang kita, walang insurance; hindi kwalepikado para sa programa ng gobyerno; at kung hindi man ay hindi makapagbayad para sa pangangalagang kinakailangang medikal batay sa kanilang indibidwal na sitwasyong pampinansyal ng pamilya.

Naniniwala kami na lahat ng aming mga pasyente at pamilya ay dapat tratuhin nang patas at nang may paggalang, hindi alintana ang kanilang kakayahang magbayad. Ang pagiging kwalepikado ng bawat pamilya para sa tulong pampinansyal ay batay sa pagpapasiya ng pangangailangang pampinansyal. Hindi dapat ikonsidera ang pagiging kwalepikado sa lahi, etnisidad, katayuan sa socioeconomic, oryentasyong sekswal, edad, kasarian o pagkakaugnay sa relihiyon.

Ang aming Departamento ng Pagpapayo sa Pananalapi ay narito upang matulungan ang iyong pamilya sa impormasyon tungkol sa pangkalusugang insurance at aming programa sa tulong sa pananalapi at mga plano sa pagbabayad ng diskwento, at upang sagutin ang mga tanong sa pagsingil. Ang lahat ng aming tagapayo sa pananalapi ay tatratuhin ang iyong mga katanungan nang may kumpidensyal at kagandahang-loob.

Ano ang Programang Tulong Pampinansyal?

Pinapayagan ng programang tulong pampinansyal ang mga pasyente na makatanggap ng mga serbisyong kinakailangan sa medikal nang walang bayad o mabawasan ang singil kung natutugunan nila ang ilang mga kinakailangan sa pagiging kwalepikado. Hindi sisingilin ng Rady Children's ang mga kwalepikadong pasyente nang higit sa mga halagang sisingilin para sa emergency o iba pang kinakailangang pangangalagang medikal.

Sino ang kwalepikado?

Dapat matugunan ng mga kalahok sa programa ang ilang mga kinakailangan sa kita at mapagkukunan. Kung ang kita ng iyong pamilya ay mas mababa sa 350 porsyento ng Pederal na Mga Alituntunin sa Kita sa Kahirapan, maaari kang maging kwalipikado para sa buong saklaw ng iyong singil.1 Kung ang kita ng iyong pamilya ay nasa pagitan ng 351 at 550 porsyento ng Pederal na Mga Alituntunin sa Kita sa Kahirapan, maaari kang maging kwalipikado para sa bahagyang kawanggawang pangangalaga. Ang mga pang-internasyonal na pasyente ay maaaring mag-apply para sa Rady Children’s para sa pagsasaalang-alang ng tulong sa pampinansyal.

Paano ako mag-a-apply?

Upang mag-apply para sa tulong pampinansyal, dapat mong kumpletuhin ang isang aplikasyon sa tulong pampinansyal, kasama ang isang pahayag ng kondisyong pampinansyal. Ang mga kopya ng aplikasyon sa tulong pampinansyal, patakaran sa programa ng tulong pampinansyal, at patakaran sa pagsingil at koleksyon ay matatagpuan sa lahat ng mga pasyente sa Ingles, Espanyol, Tagalog, Vietnamese at Arabic nang walang bayad.

Ang mga pamilya ng pasyente ay maaaring humiling ng mga kopya mula sa aming Departamento ng Pagpapayo sa Pananalapi sa mga sumusunod na paraan:

Pagtawag sa **858-966-4005**

Pagbisita nang personal o pag-mail ng isang kahilingan sa:
3020 Children’s Way, MC 5055, San Diego, CA 92123

Pagbisita sa **www.rchsd.org/patients-visitors/ financial-assistance**

Paano gumagana ang proseso ng abiso?

Kapag nakumpleto na ang proseso ng pagiging kwalepikado, makakatanggap ka ng sulat ng abiso sa mail. Ipapahiwatig ng liham kung ikaw ba ay kwalepikado para sa buo o bahagyang saklaw ng singil. Maaaring maabisuhan ka na ikaw ay hindi kwalepikado para sa tulong pampinansyal o kailangan ng karagdagang impormasyon upang makagawa kami ng pagpapasiya.

Mga Programa ng Gobyerno

Nagtataguyod ang Rady Children’s sa mga pasyente na may mababang kita at walang insurance sa pamamagitan ng paghikayat sa kanilang mag-apply sa mga programang tulong ng gobyerno. Kung wala kang insurance pangkalusugan o walang sapat na saklaw ng insurance at matugunan ang ilang mga kinakailangan sa kita, maaari kang maging kwalepikado para sa isang programa ng insurance sa kalusugan na sinusuportahan ng gobyerno tulad ng **Medi-Cal** o **California Children’s Services**. Masisiyahan kaming tulungan ka sa mga aplikasyon para sa mga programang ito.

[1]Ang mga pasyente na walang insurance sa antas na ito ay makakatanggap ng pangangalaga nang walang bayad, maliban na dapat silang magbayad ng isang maliit na copay alinsunod sa iskedyul ng pagbabayad ng Rady Children's